# Recca: From Diliman to the Cordilleras

Nathalie A. Verceles

Una kong narinig ang pangalan at pagkamatay ni Recca mula sa isang co-faculty sa UP CSWCD. Sinamahan niya ako sa smoking area ng kolehiyo, kahit hindi naman siya naninigarilyo. Malungkot siya, dahil katatanggap lang niya ng balita. Kilala niya si Recca, magkasama sila sa Alay Sining. Sa aking pagkabigla, dalawa lang ang tanong ko sa kanya: "Ilang taon na siya?" ("33.") "Mayroon ba siyang anak?" ("Isa.")

Ang agad na reaksyon ko ay instinctive: Sayang, napakabata pa niya. Kawawa naman ang anak na naulila sa ina. Ang pag-iisip na ganito ay mula sa mga perspektibo na ang pangunahing sukat ng buhay na well-lived ay ang kung gaano ito kahaba, at napakahalaga para sa anak na buhay ang kanyang ina, kahit hindi sila palaging magkapiling.

Nguni't matapos basahin ang mga taos-pusong pagpaparangal kay Recca, pati na rin ang mga liham niya, ito ang mga napagtanto ko. Una, hindi sayang, walang sayang—dahil ang buhay na pinagdesisyunan niyang ihandog sa paglilingkod ng mga magsasaka at katutubo sa Cordillera, at sa pagsusulong ng kanyang mga adhikain para sa masang Pilipino, ay ang tanging buhay na may kahulugan at kahalagahan para sa kanya. Hindi siya makakahanap ng katahimikan at kaligayahan kahit saan pa, kahit pinahaba pa ang kanyang buhay ng deka-dekada nguni't malayo naman sa pinili niya, gaano kahirap man ito, puno ng hamon at panganib. Sa pag-aagos ng dalamhati mula sa mga nagmamahal sa kanya dahil ang mga buhay nila ay napayaman at napabuti ni Recca, hindi talaga sayang, walang nasayang na saglit sa maikli nguni't napakaningning na buhay na ito.

Pangalawa, sa pagkawala ng isang ina dahil nanindigan siya, nagsakriprisyo at lumaban para sa mga naaapi, natututunan ng

kanyang anak, kahit sa napakasakit na paraan, ang pinakamahalagang aral na maaaring iwan ng bawat ina sa kanyang mga anak. Ito ang pagkakaroon ng pusong may dalisay na pagmamalasakit sa kapwa at pagmamahal sa bayan, pusong inuudyok ng pananagutan sa mga higit na nangangailangan, ng pagdadamayan at pagkakaisa, ng altruismo at pagkabukas-palad. Sa gabay at pag-aaruga ng mga naiwan ni Recca—mga kamag-anak, kaibigan, at kasama—mananatiling buhay hindi lamang si Recca, nguni't pati ang kanyang mga pinaglalaban, sa isip, puso, at diwa ni Diwon. Matatag ang batang ito, hindi dapat i-underestimate—nakuha pa niyang mag-first honors sa kabila ng sinapit ng kanyang ina.

Ang karaniwang imahe ng mandirigma ay matapang, mapangahas, at matibay—hindi lumihis dito si Recca—pero sa pagbabahagi ng mga taong mapalad na nakilala siya, na-humanize siya nang husto. Napag-alaman natin na ang kanyang kagitingan ay mahigpit na nakakawing sa mahabagin niyang puso, sa kanyang pagiging mapagmahal at mapagkalinga. Ang taglay niyang puso ay balisang-balisa sa kawalan ng panlipunang at pang-ekonomiyang hustisya—kaya't wala nang naiwang pagpipilian kundi ang ialay nang buong-buo ang buhay para sa bayan. At hindi lamang sa pamamagitan ng pandirigma niya inialay ito, ginamit niya ang malawak at malalim na kakayahan at kaalaman sa pagbibigay ng konkretong mga tulong na nagpaginhawa sa buhay ng mga taga-Cordillera at nagpayaman sa kanilang mga isipan at diwa.

Napatawa at napaiyak ako ng aklat na ito—mas napaiyak kaysa napatawa, at higit dito, napahanga. Iilan ba—mahal na mahal man ang bayan, galit na galit man sa sistemang umiiral—ang magsasakripisyo ng ganito, ang mag-aalay ng sariling buhay nang walang pag-aalinlangan, ang magtatambal ng ganap at lubos ng pansariling hangarin sa pagpapalaya ng masang Pilipino kahit hindi naman nagmula sa mga ito?

Pagpupugay kay Recca. Mananatili siyang buhay.

20 Abril 2015